THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 LUNGSOD NG CALAPAN, NAKIKIISA SA FIRE PREVENTION MONTH

VOLUME 3 No. 17 Mar. 04, 2024 - Mar. 10, 2024

# ARAW NG PAMILYANG MAGSASAKA 2024, IDINAOS SA LUNGSOD NG CALAPAN




PINANGUNAHAN ng kasalukuyang Hepe ng City Agricultural Services Department na si City Mayor Marilou Flores-Morillo ang pagdaraos ng *"Araw ng Pamilyang Magsasaka 2024"*, bilang bahagi ng pagdiriwang sa *"KALAP Festival 2024: The 26th Cityhood Anniversary of Calapan"*, ginanap sa Calapan City Recreational and Zoological Park, Barangay Bulusan, noong ika-6 ng Marso.

Matagumpay na isinagawa ang nasabing aktibidad sa pangunguna ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Agricultural Services Department, kung saan nilahukan ito ng mga magsasaka na mula sa iba't ibang barangay sa Lungsod ng Calapan na kasapi ng Farmers Association.

Iba't ibang aktibidad ang inihanda ng CASD sa pangunguna ni CALFFA Coordinator, Engr. Jasper B. Adriatico (CASD Focal Person), para sa mga magsasaka, katulad ng Palarong Pinoy, Search for Gandang Magsasaka, Agricultural Plastic Bottles Collection, Maloupet R.I.C. Zumba Dance Contest, Promotional Video Editing Contest, at Magsasaka Float Contest.

Kaugnay nito, binigyang daan din dito ang pagbibigay ng parangal at insentibo sa ilan sa mga Pangulo ng Farmers Association na mahabang panahong naglingkod, kung saan handog din sa mga magsasaka ang iba't ibang mga kagamitan, at dinoble rin ni Mayor Morillo ang mga papremyo, para sa lahat ng mga magwawaging kalahok sa bawat inihandang patimpalak.

Samantala, dumalo at nagpakita rin ng pagsuporta sa nasabing programa sina Committee Chairman on Agriculture, City Councilor, Charles O. Pansoy, Chief of Staff, Mr. Joseph Umali, CALFFA Federation President, Mr. Joel Pentino, APCO Oriental Mindoro, Mr. Artemio Casareno, Representative of Provincial Agriculture Office, Ms. Veda Gempes Basa, Hermano Mayor, Mr. Orven Rabino, at Bb. Ashely Dweignh I. Baluyot (Miss Calapan 2023-2024) (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).






THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: *"Simula sa araw na ito, oil spill will be remembered not as a tragedy, not as a calamity, but an occasion where we shine as heroes and champions where we learn from the utmost deepest part of our being how to organize and implement laws and procedures with the support of the people and institutions with logic and love in the midst of our decision making. Maraming maraming salamat sa inyong lahat."*

Ito ang naging buod ng mensahe ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor sa isinagawang Araw ng Pasasalamat bilang paggunita sa 1st Anniversary ng Oriental Mindoro Oil Spill sa Kapitolyo noong Marso 1.


Sa naturang gawain, kinilala at pinasalamatan ni Governor Bonz, sa ngalan ng Pamahalaang Panlalawigan ang lahat ng pampubliko at pribadong ahensya na tumulong at naging katuwang ng Oriental Mindoro sa pagtugon sa naranasang oil spill sa lalawigan.

Naging pangunahing panauhin sa gawain sina DENR Secretary Ma. Antonia Yulo-Loyzaga at DSWD Secretary Rex T. Gatchalian kasama ang iba pang mga opisyal mula national agency. (PIO Oriental Mindoro)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



## LUNGSOD NG CALAPAN, NAKIKIISA SA FIRE PREVENTION MONTH

*"SA Pag-iwas sa Sunog, Hindi ka Nag-iisa"*

Pinasinayaan ng Calapan City Fire Station — sa pangunguna ni FSINSP ANGEL LYNN B. SALVADOR, ang Kick-off Ceremony para sa paggunita sa Fire Prevention Month noong ika-1 ng Marso.

Nakiisa naman sa nasabing gawain si City Mayor Marilou Flores-Morillo kasama ang ilang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod, ang City Disaster Risk Reduction and Management Department at City Public Safety Department.

*"Bilang Punong Lungsod, ako ay patuloy na magiging katuwang at katulong ng BFP Calapan City sa pagbibigay proteksyon sa taumbayan,"* mensahe ni Mayor Morillo sa BFP.

Ipinabatid niya ang kaniyang pagsaludo sa dedikasyon ng mga bumbero na magserbisyo sa taumbayan lalo na sa mga hindi inaasahang sakuna at gaya ng nakasaad sa tema, hindi nag-iisa ang BFP sa pagpapanatili ng kaligtasan at kaayusan ng lungsod (Thea Marie J. Villadolid/CIO).








## CGCLYMPICS 2024: CGC EMPLOYEES' SPORTFEST, PORMAL NA BINUKSAN AT SINIMULAN





AKTIBO at masayang pinangunahan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama ang City Youth and Sports Development Department, na pinamumunuan ni CYSDD Officer, Mr. Marvin L. Panahon ang pormal na pagbubukas at pagsisimula ng CGCLYMPICS 2024, bilang bahagi ng pagdiriwang sa "KALAP Festival 2024: The 26th Cityhood Anniversary of Calapan", ginanap sa Barangay Camilmil Gymnasium, noong ika-5 ng Marso.

Tampok at bida sa makabuluhang aktibidad na ito ang pitong (7) team na kinabibilangan ng mga kawani ng Pamahalaang Lungsod at Sangguniang Panlungsod, ito ay ang Executive Mayor's Office, Team Sangguniang Panglungsod, the Hornets, City Risers, Unang Palapag, Team Old City Hall, at Team Outsiders.

Dumalo at nagpakita rin ng pagsuporta sa bawat kalahok na kopunang manlalaro si Vice Mayor Hon. Rommel 'Bim' A. Ignacio, kasama ang mga konsehal na miyembro ng Sangguniang Panlungsod, gayundin si Acting City Administrator, City Legal Officer, Atty. Rey Daniel Acedillo, kasama ang mga Hepe ng iba't ibang opisina at departamento ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan.

Kaugnay sa naturang gawain, naniniwala naman ang butihing Punong Lungsod, Mayor Morillo na mahalaga ang aktibidad na ito, upang pagtibayin ang samahan ng bawat isa na makatutulong, para bigyang sigla at oportunidad ang mga empleyado sa larangan ng larong pampalakasan na mayroong magandang naidudulot sa kalusugang pisikal at mental (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

# THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 17 — Mar. 04, 2024 - Mar. 10, 2024



MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013


# *PAMUMULAKLAK NG PAG-ASA SA MAPAGKALINGANG PAGLILINGKOD*



IKA-7 ng Marso, personal na binisita ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama ang ilang kawani ng Serbisyong TAMA Center, si Daisy Ann Materiales, upang iabot ang bagong Wheelchair para sa kaniya.

Naging makabagbag damdamin ang pagtatagpo ni Mayor Morillo at Daisy Ann na kasalukuyang 15 taong gulang at nagdurusa sa sakit na Bacterial Meningitis. Bagama't hindi na makapagsalita si Daisy, mararamdaman at makikita sa kaniyang mga mata ang tuwa at pasasalamat kay Mayor Morillo.

Kwento ng kaniyang ama, sa edad na 11 tinamaan si Daisy ng Bacterial Meningitis - isang seryosong impeksyon sa utak at spinal cord dulot ng bacteria, kung kayat hindi na siya nakakagalaw tulad ng ibang mga bata.

Sa pamamagitan naman ni Gng. Ofelia Mendoza Cantos na naging guro ni Daisy, nakarating sa Punong Lungsod ang kaniyang kalagayan. Ayon kay Gng. Cantos, ilang tanggapan na ang kaniyang hiningan ng tulong ngunit wala siyang natatanggap na tugon kung kaya't gayon na lamang ang kaniyang pagkagalak nang si Mayor Morillo mismo ang nagtungo sa tahanan ni Daisy. (CIO Calapan)

